



## Lungsod ng Milpitas

455 E. Calaveras Blvd. Milpitas, CA 95035

Contact:

Charmaine Angelo, Public Information Officer

[cangelo@milpitas.gov](mailto:cangelo@milpitas.gov)

408-906-9603

### **Ang mga Nagmamay-ari ng Bahay ay Kwalipikado para sa Tulong Pambayad-*Mortgage* na kasama sa pag-lawak ng *Rent and Mortgage Relief Program* ng Milpitas**

#### **Milpitas, CA – ika-3 ng Marso, 2023 – PARA SA KAAGARANG PAG-ANUNSIYO**

Ang Lungsod ng Milpitas ay naglulunsad ng tulong pambayad-*mortgage* na siyang bahagi ng *Rent and Mortgage Relief Program*, para sa mga residenteng may mababa at katamtamang kita na nangangailangan ng tulong upang patuloy na makapanatili sa kanilang mga tahanan. Inilaan ng pederal na pamahalaan ang pondo ng *American Rescue Plan Act (ARPA)* sa Lungsod ng Milpitas para sa mga komunidad, organisasyon, at negosyong naapektuhan ng COVID-19. Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang paggamit ng \$950,000 upang matulungan ang mga mamamayan ng Milpitas, at itinalaga ang 75% ng pondo para sa ayudang pambayad-upa at 25% para sa pambayad-*mortgage*.

Ang *Rent and Mortgage Relief Program* ay magbibigay ng hanggang \$5,000 na pambayad-upa, at hanggang \$15,000 na pambayad-*mortgage* sa bawat sambahayan. Kasalukuyan pa ring magagamit ang ayudang pambayad-upa na inilunsad noong ika-20 ng Disyembre, 2022 para sa mga mamamayan ng Milpitas na nangailangan ng suporta noong panahon ng kapaskuhan. Ang ayudang pambayad-*mortgage* ay nakatakdang ilunsad sa ika-6 ng Marso, 2023.

Ayon kay *City Manager* Steven G. McHarris: "Layunin ng bagong programa ng Lungsod ang paglingap mula sa kasalukuyang kalagayan ng pabahay, kasama ang pagtataas ng presyo ng mga bilihin at mga *interest rates*."

Upang maging kwalipikado sa pagtanggap ng tulong pambayad-*mortgage*, kailangang matugunan ng bawat sambahayan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Nakaranas ng kahirapan dahil sa COVID-19, na nangyari matapos ang ika-21 ng Enero, 2020.
- Kasalukuyang nagmamay-ari ng isang *residential property*, at kailangang ito ay ang iyong/inyong pangunahing tirahan.
- Hindi nakatanggap ng iba pang tulong mula sa gobyerno o pribadong sektor na hiningi sa magkasabay na panahon.
- Nasa o mas mababa pa sa 150% ng tipikal na kita ng isang sambahayan (*Area Median Income* o *AMI*) na siyang limitasyon para sa Santa Clara County.

Laki ng sambahayan	1	2	3	4	5	6
150% AMI	\$176,950	\$202,200	\$227,500	\$252,750	\$273,000	\$293,200

Ang [FORWARD](#) ay napili sa pamamagitan ng patas at mapagkumpitensyang proseso na umaalinsunod sa mga pederal na tuntunin at regulasyong inilaan para sa mga programang pinondohan ng *ARPA*. Gagamitin ng FORWARD ang kanilang *software* upang padaliin at pasimplehin ang proseso ng aplikasyon, pagsunod sa mga alituntunin, pag-uulat, at paggawad ng pondo sa patas at pantay na pamamaraan. Maaaring asahan ng mga aplikante at mga kwalipikadong sambahayan ang:

- Pag-apply gamit ang *online application portal* ng FORWARD na mayroong 68 na wika.
- Suporta sa anumang wika upang makapag-apply sa pamamagitan ng telepono, *text*, at *email*.

“Nananatiling nakatuon ang Lungsod sa pagtiyak na ang mga mamamayang pinakanaapektuhan ng COVID-19 ay makakatanggap ng suporta at mga kinakailangan para sa kanilang kaunlaran”, ayon kay Mayor Carmen Montano.

"Ang pangkat ng FORWARD at ang Lungsod ng Milpitas ay magkasamang nakatuon sa pantay at matiwasay na pangangasiwa nitong programa," ayon kay Adnan Mahmud, CEO ng FORWARD *Platform*. "Ang programang ito para sa pambayad-upa ay magbibigay-tulong sa mga residente ng Milpitas upang sila'y makaraos sa kabila ng paghihirap dulot ng tumataas na presyo ng mga bilihin."

Kung ikaw ay may mga katanungan ukol sa *Rent and Mortgage Relief Program*, mangyaring tumawag sa *Housing Division*: (408) 586-3222 o kaya'y mag-email sa [Housing@milpitas.gov](mailto:Housing@milpitas.gov).

Upang makapag-apply, mangyaring suriin ang: <https://forwardplatform.com/city-of-milpitas-rent-mortgage-relief-programs/>

###

### Hinggil sa Lungsod ng Milpitas

Matatagpuan sa katimugang dulo ng *San Francisco Bay*, ang Lungsod ng Milpitas ay isang progresibong komunidad na siyang mahalagang bahagi ng Silicon Valley. Ang Lungsod ay nagbibigay ng pangkalahatang serbisyo sa tubig, padaluyan, pulisya at bumbero, at isa ring maunlad na komunidad na kinabibilangan ng higit pa sa 80,000 na iba't-iba at inklusibong mamamayan. Kadalasang tinutukoy bilang Sangang-daan ng *Silicon Valley*, ang Lungsod ay matatagpuan sa pagitan ng mga pangunahing daanan sa *Bay Area* at itinuturing na isang lubos na kanais-nais na lokasyon para sa mga *world-class* na kumpanyang pang-teknolohiya na naglalayong bumuo ng isang sentral na base ng operasyon. Kasama sa pagtaguyod ng bagong Milpitas *Transit Center* na naghahandog ng mga serbisyong katulad ng *BART*, *light rail*, bus, at iba't-iba pang mga napakaraming bagong proyektong pang-kaunlaran, pati na rin ang mga bagong Plano at Programa na nagbibigay-suporta sa isang kinabukasang mapagpanatili at nagbibigay-inspirasyon, ang Lungsod ay nangunguna sa pagtatag ng ekonomiya para sa susunod na henerasyon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring suriin ang: [www.milpitas.gov](http://www.milpitas.gov)

## **Hinggil sa FORWARD**

Ang FORWARD *Platform* ay ang nangungunang komprehensibong *Integrated Program Administration (IPA) solution* para sa mga estado at lokal na pamahalaan sa buong Estados Unidos. Nililina ng FORWARD ang sistema ng pamahalaan sa pangangasiwa ng mga programa nito sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng lahat ng mahahalagang serbisyo, bahagi, mga kawani, at teknolohiya sa iisang matiwasa at mabisang solusyon. Mula sa pag-*set up* ng *back-end applications*, *community outreach*, *marketing*, suporta sa iba't-ibang wika, pagpili ng mga kwalipikadong aplikasyon, paniniktik ng panloloko, pati na rin sa pamamahagi at pag-uulat. Ang FORWARD ay namamahagi ng mga pinagkukunang-yaman nang mas agaran pa kaysa dati habang sinusupil ang aksaya't pandaraya, at patuloy rin sa pagtitipid sa mga gastusing pang-administratibo. Nakapag-bigay tulong na rin ang FORWARD sa iba't-ibang mga pamahalaan sa pangangasiwa ng napakaraming programa upang maipamahagi ang mga pinagkukunang-yaman sa mga sambahayan at mga kumpanya sa mabilis, mabisa, at matiwasa na paraan. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring suriin ang [www.forwardplatform.com](http://www.forwardplatform.com).